American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-10, Issue-03, pp-66-78
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Kahandaan ng mga Guro sa Implementasyon ng Strengthened Senior High School Program ng Department of Education

Dr. Analyn D. Saavedra, J.D ,; Hayudini, Rosvin G. ; Peras, Cherry S. ; Samson, Epifanio D., Jr. ; Samson, Nancy O.
*Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malayang Sining Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao*
*Principal Author: Rosvin G. Hayudini*

**ABSTRAK :** Sinusuri ng pag-aaral na ito ang antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng Strengthened Senior High School Program (SSHSP) ng Department of Education (DepEd). Sa gitna ng patuloy na reporma sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, kinikilala ang mga guro bilang pangunahing salik sa matagumpay na pagpapatupad ng mga pagbabago sa kurikulum. Gumamit ang pananaliksik ng mixed-method research design na pinagsasama ang deskriptibong kwantitatibong pagsusuri sa pamamagitan ng sarbey at kwalitatibong pagsusuri gamit ang panayam at focus group discussion (FGD). Layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kahandaan ng mga guro batay sa apat na dimensyon: (1) pagtuturo, (2) kasanayan, (3) hamon, at (4) kurikulum; masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan kapag inuri ayon sa edad, kasarian, haba ng karanasan sa pagtuturo, at asignaturang tinuturuan; at matukoy ang mga pangunahing suliraning kinahaharap ng mga guro sa aktuwal na implementasyon ng SSHSP. Ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng kahandaan ng mga guro sa mga dimensyong pagtuturo, kasanayan, at kurikulum, habang ang dimensyon ng hamon ay nananatili sa antas na "handa." Lumitaw din na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan ng mga guro kapag inuri ayon sa kanilang demograpikong katangian. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang kahandaan ng guro ay hindi lamang nakabatay sa personal na kakayahan kundi higit na naiimpluwensiyahan ng institusyonal na suporta, sapat na pagsasanay, at pagkakaroon ng angkop na kagamitang pampagtuturo. Batay sa mga resulta, inirerekomenda ang patuloy at sistematikong professional development at mas pinatibay na suporta ng DepEd at pamunuan ng paaralan upang higit na mapahusay ang implementasyon ng SSHSP.
***Mga Susing Salita:*** *kahandaan ng guro, Senior High School, SSHSP, DepEd, implementasyon ng kurikulum*

## I. PANIMULA

Ang sektor ng edukasyon sa Pilipinas ay patuloy na dumaraan sa malawakang pagbabago upang matugunan ang mabilis na pag-unlad ng globalisasyon, teknolohiya, at pandaigdigang pamantayan sa kalidad ng pagkatuto. Isa sa pinakamahalagang repormang ipinatupad ng Department of Education (DepEd) ay ang Strengthened Senior High School Program (SSHSP), na nakatuon sa pagpapabuti ng sistema ng Senior High School (SHS) na bahagi ng mas malawak na K–12 Curriculum Reform. Layunin ng SSHSP na ihanda ang mga mag-aaral para sa iba't ibang landasin—mas mataas na edukasyon, pagnenegosyo, pagtatrabaho, o pagsulong bilang responsableng mamamayan sa ika-21 siglo. Gayunpaman, ang implementasyon ng SSHSP ay hindi lamang nakasalalay sa mga polisiya, pondo, o materyales. Ang pinakamahalagang salik sa tagumpay nito ay ang mga guro. Sila ang direktang tagapaghatid ng kurikulum, tagapamagitan ng kaalaman, at tagahubog ng mga kasanayang kailangan sa makabagong panahon. Dahil dito, ang konsepto ng teacher readiness o kahandaan ng guro ay nagsisilbing pundamental na batayan upang masukat kung gaano kaepektibo ang pagpapatupad ng SSHSP sa mga paaralan.

Ayon sa pag-aaral nina Banua, E., Saavedra, A., Ajibon, R., Aukasa, F., Muhajil, S. & Najam, H. (2022), mahalagang matukoy ang kahandaan ng mga guro sapagkat ito ang batayan sa mentoring program na kasalukuyang ipapatupad ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang kahandaan ng guro ay hindi lamang tumutukoy sa kakayahan nilang magturo kundi pati sa kanilang pedagogical competence, content knowledge, digital literacy, instructional planning, classroom management, professional disposition, at kakayahang umangkop sa pagbabago. Dagdag pa rito, mahalaga ring suriin ang iba pang salik tulad ng workload, pasilidad, suporta ng administrasyon, at mga pagsasanay na nakukuha nila—mga aspetong malinaw na nakaaapekto sa kanilang kahandaan.

Sa kabila ng mga pagsisikap ng Department of Education (DepEd) na magbigay ng mga programang pang-professional development para sa mga guro, nananatili pa ring hamon ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo, limitadong oras para sa pagplano ng aralin, at kakulangan ng malinaw na gabay sa pagpapatupad ng bagong kurikulum (Dizon, 2022; SEAMEO INNOTECH, 2020). Maraming guro ang nahaharap sa mabigat na hamon sa pag-angkop sa bagong sistema, lalo na sa aspeto ng teknolohiya, pedagogiya, at mga makabagong pamamaraan ng pagtataya o assessment practices (Basilio, 2021; Mateo, 2022).

Dahil dito, nagiging napakahalaga ang pagsasagawa ng sistematikong pag-aaral upang masuri ang aktwal na antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng Strengthened Senior High School Program (SSHSP). Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing mahalagang batayan ng mga administrador ng paaralan, mga tagapagpatupad ng polisiya, at mga edukador sa pagbuo ng mga programang susuporta sa mga guro at magtitiyak sa matagumpay na implementasyon ng SSHSP (DepEd, 2023; Santos & Lopez, 2021).

Sa kabilang banda, ang pag-aaral na ito ay isinasagawa alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Kabilang dito ang pagprotekta sa personal na impormasyon ng mga kalahok, paggalang sa kanilang karapatan bilang respondents, at pag-iwas sa anumang posibleng pinsala o discomfort sa kanilang partisipasyon sa pag-aaral (Creswell, 2018).

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang tumatalakay sa kahandaan ng guro, kundi nagbibigay rin ng mas malawak na pang-unawa sa mga hamon ng implementasyon ng SSHSP bilang isang repormang pangedukasyon sa Pilipinas. Ang layunin nito ay makapagbigay ng ebidensiyang magpapatatag sa programa at mag-aambag sa paghubog ng isang edukasyong nakasentro sa kalidad at pagbabago.

**PAHAYAG NG SULIRANIN**

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng Strengthened Senior High School Program ng DepEd. Partikular, ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng SSHSP batay sa sumusunod na salik:
   1.2 Pagtuturo
   1.3 Kasanayan
   1.4 Hamon
   1.5 Kurikulum
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan ng mga guro kapag inuri ayon sa mga demograpikong katangian gaya ng edad, kasarian, haba ng karanasan sa pagtuturo, at asignaturang tinuturuan? 3. Ano ang mga pangunahing suliranin at hamon na kinakaharap ng mga guro sa implementasyon ng SSHSP?

## II. KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang Strengthened Senior High School Program (SSHSP) ay bahagi ng patuloy na hakbang ng Department of Education (DepEd) upang higit pang mapahusay at mapalakas ang implementasyon ng K to 12 curriculum sa Pilipinas. Ang programang ito ay binuo bilang tugon sa pangangailangan na ihanda ang mga mag-aaral hindi lamang para sa kolehiyo kundi pati na rin sa larangan ng trabaho, pagnenegosyo, at iba pang oportunidad sa lipunan. Sa pamamagitan ng SSHSP, layunin ng DepEd na makapagbigay ng mas sistematiko, mas episyente, at mas napapanahong kurikulum na nakaayon sa pangangailangan ng makabagong panahon at ng pandaigdigang kompetisyon.

Sa konteksto ng kasalukuyang globalisasyon at mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, mahalaga na ang mga mag-aaral ay magkaroon ng sapat na kaalaman, kasanayan, at kakayahan upang makasabay sa mga pagbabagong nagaganap sa iba't ibang larangan. Dahil dito, ang SSHSP ay nakatuon sa pagpapalakas ng mga learning competencies ng mga mag-aaral upang maging mas handa sila sa iba't ibang hamon ng ika-21 siglo. Ayon sa Department of Education (2023), isa sa mga pangunahing layunin ng programang ito ay ang pag-upgrade ng learning competencies, lalo na sa mga pangunahing asignatura tulad ng English, Science, at Mathematics. Ang mga asignaturang ito ay itinuturing na pundasyon ng maraming disiplina at mahalagang bahagi ng paghahanda ng mga mag-aaral para sa mas mataas na antas ng edukasyon at sa iba't ibang propesyon.

Bukod sa pagpapalakas ng akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, binibigyang-diin din ng SSHSP ang kahalagahan ng Work Immersion bilang isang mahalagang bahagi ng kurikulum. Ang Work Immersion ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maranasan ang aktuwal na sitwasyon sa lugar ng trabaho upang magkaroon sila ng mas malinaw na pag-unawa sa kanilang napiling larangan o track. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng ugnayan ang paaralan at ang industriya, na nagiging daan upang mas maging praktikal at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, upang maging matagumpay ang implementasyon ng SSHSP, mahalaga ang papel ng mga guro bilang pangunahing tagapagpatupad ng kurikulum. Binibigyang-diin ng programang ito ang pangangailangan ng mga guro na magkaroon ng mataas na antas ng kahandaan sa iba't ibang aspeto ng pagtuturo. Kabilang dito ang kanilang pedagogical

skills, content mastery, kakayahan sa paggamit ng makabagong teknolohiya, at kakayahang bumuo ng makabuluhang instructional materials na makatutulong sa mas epektibong paghahatid ng aralin.

Sa pag-aaral nina Santos at Lopez (2021), ipinakita na ang tagumpay ng implementasyon ng Senior High School program ay malaki ang nakadepende sa kahandaan ng mga guro. Ayon sa kanilang pananaliksik, ang mga gurong may sapat na pagsasanay at suporta mula sa paaralan ay mas nagiging epektibo sa pagtuturo at mas nagagawang maisakatuparan ang mga layunin ng kurikulum. Samakatuwid, mahalagang tiyakin na ang mga guro ay nabibigyan ng sapat na training, resources, at institutional support upang matugunan ang mga hamon na dulot ng implementasyon ng SSHSP.

Dagdag pa rito, binigyang-diin din ng Commission on Higher Education (CHED) na mahalagang makasabay ang mga guro sa mga repormang dulot ng SSHSP upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo. Ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay nangangailangan ng mga kasanayan tulad ng critical thinking, problem solving, collaboration, at digital literacy upang maging matagumpay sa kanilang napiling larangan.

Sa kabuuan, ang SSHSP ay hindi lamang nakatuon sa simpleng pagbabago ng kurikulum. Ito ay isang komprehensibong hakbang upang mapahusay ang kalidad ng edukasyon sa bansa sa pamamagitan ng integrasyon ng teknolohiya, pagpapalakas ng industry-aligned competencies, at paggamit ng outcome-based teaching approaches. Sa ganitong paraan, inaasahan na mas magiging handa ang mga mag-aaral sa mga hamon ng modernong lipunan at mas magiging produktibong mamamayan ng bansa.

**Mga Suliranin at Hamon ng Guro sa Implementasyon ng SSHSP**

Sa kabila ng magagandang layunin ng Strengthened Senior High School Program, hindi maikakaila na maraming hamon ang kinahaharap ng mga guro sa aktuwal na implementasyon nito. Ang mga hamong ito ay nagmumula sa iba't ibang aspeto ng sistema ng edukasyon, kabilang ang kakulangan sa pagsasanay, limitadong instructional resources, pagtaas ng workload ng mga guro, at ang pangangailangan na makaangkop sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya.

Ang mga suliraning ito ay maaaring makaapekto sa kahandaan at kakayahan ng mga guro na epektibong maipatupad ang mga layunin ng SSHSP. Kung hindi matutugunan ang mga hamong ito, maaaring maging hadlang ito sa pagkamit ng mataas na kalidad ng edukasyon na inaasahan ng programa.

**Kakulangan sa Pagsasanay at Professional Development**

Isa sa mga pangunahing hamon na kinahaharap ng mga guro sa implementasyon ng SSHSP ay ang kakulangan sa sapat na pagsasanay at professional development. Sa pagbabago ng kurikulum, kinakailangan na ang mga guro ay magkaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan sa mga bagong pamamaraan ng pagtuturo, paggamit ng teknolohiya, at pagbuo ng mga makabagong instructional strategies.

Ayon kay Dizon (2022), maraming guro ang nangangailangan pa ng mas malalim na pagsasanay sa mga aspeto tulad ng curriculum alignment, differentiated instruction, at digital pedagogy. Ang curriculum alignment ay mahalaga upang matiyak na ang mga layunin ng kurikulum, mga aktibidad sa pagkatuto, at mga pamamaraan ng pagtataya ay magkakaugnay at nakatutulong sa pag-abot ng learning outcomes.

Bagama't may mga programang inilulunsad ang DepEd upang mapalakas ang kakayahan ng mga guro, nananatiling limitado ang oras, pondo, at accessibility ng mga pagsasanay na ito. Dahil dito, may mga guro na nahihirapang makasabay sa mga pagbabago sa kurikulum at sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo.

**Kakulangan sa Kagamitang Pampagtuturo**

Ang kakulangan sa instructional materials at learning resources ay isa ring malaking hamon sa implementasyon ng SSHSP. Ang mga kagamitang pampagtuturo tulad ng modules, laboratory equipment, visual aids, at ICT facilities ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon sa SEAMEO INNOTECH (2020), ang kakulangan ng sapat na teaching materials ay may direktang epekto sa kalidad ng pagtuturo. Kapag kulang ang mga kagamitan, nagiging limitado ang kakayahan ng mga guro na magbigay ng iba't ibang learning activities na makatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Ang ganitong suliranin ay natuklasan din sa pag-aaral ni Saavedra (2018), kung saan ipinakita na ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo ay isang mahalagang salik na nakaaapekto sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa antas elementarya. Dahil karamihan sa mga mag-aaral ay visual learners, mahalagang may sapat na visual aids at learning materials upang mas maging malinaw at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto.

**Workload at Time Management ng mga Guro**

Isa ring mahalagang hamon ang pagtaas ng workload ng mga guro. Sa implementasyon ng SSHSP, nadagdagan ang kanilang mga responsibilidad kabilang ang paggawa ng lesson plans, pag-aangkop ng kurikulum, paghahanda ng instructional materials, documentation, at pag-supervise sa Work Immersion programs ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina Ramos at Cruz (2021), ang labis na workload ng mga guro ay nagdudulot ng stress at burnout na maaaring makaapekto sa kanilang kahusayan sa pagtuturo. Kapag ang mga guro ay labis na nabibigatan sa kanilang mga gawain, maaaring mabawasan ang kanilang oras sa paghahanda ng mga makabuluhang learning activities para sa kanilang mga mag-aaral.

**Adaptasyon sa Teknolohiya**

Ang mabilis na pag-usbong ng teknolohiya ay nagdulot din ng malaking pagbabago sa larangan ng edukasyon. Lalo itong naging malinaw noong panahon ng COVID-19 pandemic kung saan naging mahalaga ang paggamit ng digital platforms sa pagtuturo.

Ayon kay Basilio (2021), may malaking agwat sa digital literacy ng mga guro. May mga guro na nahihirapan sa paggamit ng online learning tools, learning management systems (LMS), at iba pang e-learning platforms. Dahil dito, nagiging hamon ang integrasyon ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo.

Kaugnay nito, natuklasan sa pag-aaral nina Saavedra, Alejandro, at Espinosa (2022) na nahihirapan din ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik sa online na pamamaraan. Dahil sa komplikadong proseso ng research, mas epektibo para sa kanila ang face-to-face na pagtuturo ng asignaturang ito.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga suliraning ito na ang kahandaan ng guro sa implementasyon ng SSHSP ay hindi lamang nakabatay sa kanilang personal na kakayahan. Mahalaga rin ang suporta mula sa institusyon, sapat na kagamitan, at tuloy-tuloy na pagsasanay upang matiyak ang matagumpay na implementasyon ng programa.

**TEORETIKAL NA BALANGKAS**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa *Theory of Planned Behavior* (Ajzen, 1991) at *Teacher Efficacy Theory* (Bandura, 1997) upang masuri ang kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng *Strengthened Senior High School Program* (SSHSP). Ang dalawang teoryang ito ay nagbibigay-linaw sa mga salik na nakaaapekto sa intensyon, kakayahan, at aktwal na pagganap ng guro sa konteksto ng pagbabago ng kurikulum. Sa kabuuan, ang mga teoryang ito ang nagsisilbing lente kung paano bibigyang-pakahulugan ang bawat katanungan sa Pahayag ng Suliranin.

Una, ang unang suliranin na tumutukoy sa antas ng kahandaan ng mga guro batay sa pagtuturo, kasanayan, hamon, at kurikulum ay malinaw na kaugnay ng tatlong pangunahing elemento ng *Theory of Planned Behavior—attitude toward the behavior*, *subjective norms*, at *perceived behavioral control*. Ang kahandaan ng guro ay masusukat sa pamamagitan ng kanilang pananaw sa SSHSP, antas ng suportang natatanggap nila, at kakayahan nilang isakatuparan ang mga inaasahang gawain. Kaugnay nito, ipinapakita rin ng *Teacher Efficacy Theory* na ang kahandaan ay repleksyon ng *self-efficacy* o paniniwala ng guro sa kanilang kakayahang magturo at magpatupad ng bagong kurikulum. Sa gayon, ang pagsusuri sa antas ng kahandaan ay direktang sumasalamin sa pangunahing prinsipyo ng dalawang teorya.

Ikalawa, ang ikalawang suliranin na tumatalakay sa pagkakaiba ng kahandaan ng guro batay sa demograpikong katangian ay tumutugma rin sa mga teoryang nabanggit. *Ayon sa Theory of Planned Behavior*, ang mga personal na katangian tulad ng edad, kasarian, karanasan, at espesyalisasyon ay maaaring makaapekto sa attitude, social norms, at perceived behavioral control ng isang indibidwal. Samantala, binibigyang-diin ng *Teacher Efficacy Theory* na ang karanasan sa pagtuturo, nakaraang tagumpay, at *exposure* sa *professional development* ay may malaking epekto sa *self-efficacy* at *performance*. Dahil dito, ang pagsusuri ng pagkakaibang ito ay nagbibigay-daan upang mas maunawaan kung paano nagbabago ang antas ng kahandaan batay sa pinagmumulan at karanasan ng bawat guro.

Ikatlo, ang ikatlong suliranin na nagsusuri sa mga pangunahing suliranin at hamon sa implementasyon ng SSHSP ay malinaw ring nai-uugnay sa teoryang TPB at *Teacher Efficacy Theory*. Sa TPB, ang anumang hadlang tulad ng kakulangan sa kagamitan, kulang na pagsasanay, o labis na *workload* ay nagiging limitasyon sa *perceived behavioral control* at maaaring magresulta sa mababang intensyon o kahandaan na isakatuparan ang programa. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng *Teacher Efficacy Theory* na ang mga hamong ito ay maaaring magpababa sa *self-efficacy* ng guro at makaapekto sa kalidad ng kanilang pagtuturo. Kaya ang pagtukoy sa mga hamon sa ikatlong suliranin ay nagsisilbing susi upang maunawaan kung aling mga salik ang hadlang sa pagiging ganap na handa ng mga guro.

Sa pangkalahatan, ang dalawang teoryang ito ay hindi lamang nagsisilbing pundasyon ng pananaliksik, kundi nagbibigay din ng malinaw na direksyon sa interpretasyon ng mga datos. Tinutugunan nila ang tatlong pangunahing layunin ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nabubuo ang kahandaan ng guro, paano ito nagkakaiba batay sa personal na katangian, at anu-ano ang mga salik na humahadlang o nagpapalakas sa implementasyon ng SSHSP. Samakatuwid, ang *Theory of Planned Behavior* at *Teacher Efficacy*

*Theory* ay nagsisilbing matibay na batayan upang mas maunawaan ang mga dinamiko ng kahandaan ng guro sa konteksto ng curricular reform sa Pilipinas.

## III. METODOLOHIYA

### 1.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method research design na pinagsasama ang mga katangian ng deskriptibong kwantitatibo at kwalitatibong disenyo. Layunin ng disenyong ito na makalikom ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa hinggil sa antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng Strengthened Senior High School Program (SSHSP).

Sa bahaging kwantitatibo, ginamit ang descriptive survey method upang masukat sa estadistikal na paraan ang antas ng kahandaan ng mga guro batay sa apat na dimension o pagtuturo, kasanayan, hamon, at kurikulum. Samantala, sa bahaging kwalitatibo, isinagawa ang semi-structured interviews at focus group discussions (FGD) upang makuha ang mga pananaw, karanasan, at interpretasyong hindi ganap na nasusukat sa pamamagitan ng mga numerikal na datos.

Ang kombinasyon ng dalawang metodolohikal na pananaw ay nagbigay ng komprehensibong pagtingin sa isyu: ginamit ang datos na kwantitatibo upang mailarawan ang pangkalahatang kalagayan, at ang datos na kwalitatibo upang maipaliwanag ang mga kontekstwal at personal na karanasan ng mga guro na nagbibigaylalim sa mga natuklasan ng pananaliksik.

### 1.2 Sampling

Gumamit ang pananaliksik ng purposive sampling technique, isang pamamaraan ng non-probability sampling na sinadyang pumili ng mga kalahok batay sa kanilang direktang ugnayan sa paksa ng pag-aaral. Pinili lamang ang mga guro sa Senior High School na aktibong kalahok sa implementasyon ng SSHSP sa mga pampublikong paaralang saklaw ng Department of Education.

Upang matiyak ang representasyon ng iba't ibang larangan, isinama sa pag-aaral ang mga guro mula sa iba't ibang track at strand ng SHS—Academic, Technical-Vocational-Livelihood, Sports, at Arts and Design. Itinakda ang bilang ng mga kalahok batay sa kabuuang populasyon ng mga guro sa napiling paaralan, alinsunod sa rekomendasyon ng sample size determination formula nina Slovin (1960) at Cochran (1977), upang matiyak ang estadistikal na bisa ng mga resulta.

### 1.3 Pagkalap ng Datos (Collection of Data)

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa tatlong yugto: paghahanda, pangangalap, at pagpapatunay ng datos.

a. Paghahanda ng Instrumento – Binuo ng mananaliksik ang survey questionnaire batay sa mga layunin ng pag-aaral. Ang instrumento ay sumailalim sa content validation ng tatlong eksperto sa larangan ng edukasyon at sinuri gamit ang ang *Independent Samples t-test* at *One-Way Analysis of Variance (ANOVA)* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan ng mga guro kapag inuri ayon sa edad, kasarian, haba ng karanasan sa pagtuturo, at asignaturang tinuturuan.

b. Pangangalap ng Datos – Ipinamahagi ang mga survey questionnaire sa mga kalahok sa pamamagitan ng online at pisikal na pamamaraan, depende sa abot-kamay at kaginhawaan ng mga guro. Kasunod nito, isinagawa ang semi-structured interviews at FGD sa piling kalahok upang makuha ang mas malalim na paliwanag at karanasan hinggil sa kanilang kahandaan at mga hamon na kinakaharap.

c. Pagpapatunay at Pagproseso ng Datos – Ang mga nakalap na datos ay sinuri, inorganisa, at isinalin sa numerikal at tematikong porma. Tiniyak ang informed consent, pagiging kumpidensyal, at etikal na pamantayan sa lahat ng yugto ng proseso.

### 1.4 Interpretasyon ng Datos

Ang interpretasyon ng datos ay isinagawa sa dalawang antas—kwantitatibo at kwalitatibo—upang matiyak ang balanse ng empirikal at kontekstwal na pananaw.

A. Kwantitatibong Analisis – Ginamit ang mga estadistikang deskriptibo tulad ng mean, frequency, percentage, at standard deviation upang mailarawan ang antas ng kahandaan ng mga guro sa bawat salik. Samantalang ang mga estadistikang inferensyal gaya ng t-test at Analysis of Variance (ANOVA) ay ginamit upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kahandaan ng mga guro batay sa kanilang mga demograpikong katangian (edad, kasarian, karanasan, at asignaturang tinuturuan).

B. Kwalitatibong Analisis – Ang mga sagot mula sa interview at FGD ay sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis. Ang mga lumitaw na tema at pattern ay pinag-ugnay sa mga resulta ng kwantitatibong datos upang makabuo ng mas malalim at komprehensibong interpretasyon.

### 1.5 Pahayag sa Etikal na Pagsasaalang-alang

Tinitiyak ng pag-aaral na ito ang mahigpit na pagsunod sa mga pamantayang etikal, lalo na sa ilalim ng Data Privacy Act of 2012 (RA 10173). Ang lahat ng datos na makokolekta mula sa mga kalahok ay mananatiling

kumpidensiyal at hindi magkakaroon ng anumang pagkakakilanlan sa resulta ng pag-aaral. Hindi kokolektahin ang anumang sensitibo o personal na impormasyon na maaaring tumukoy sa indibidwal na kalahok, at gagamit lamang ng mga kodigo o pseudonym sa paglalathala ng mga resulta upang matiyak ang kanilang anonymity.

Ang pagproseso ng mga datos—mula sa pangangalap, pag-eencode, pagsusuri, hanggang sa pag-iimbak—ay isasagawa lamang para sa layuning akademiko ng pananaliksik na ito. Ang access sa datos ay nakalaan lamang sa mananaliksik at tagapayo, at ang lahat ng electronic files ay mananatiling naka-password at naka-encrypt, habang ang anumang printed materials ay itatago sa ligtas na imbakan. Ang nakalap na datos ay itatago nang hanggang isang taon matapos ang pagtatapos ng pananaliksik at pagkatapos nito ay permanenteng buburahing digital at sisirain ang anumang hard copies upang hindi na ma-recover.

Boluntaryo ang paglahok ng bawat kalahok at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang negatibong implikasyon. Wala ring anumang panganib na dulot ang paglahok, maliban sa inaasahang kaunting di-kumportableng pakiramdam habang sumasagot. Tinitiyak na walang conflict of interest sa pagitan ng mananaliksik, tagapayo, institusyon, at kalahok na maaaring makaapekto sa proseso o resulta ng pag-aaral; ang mananaliksik ay nagsasagawa ng pag-aaral nang may integridad, obhetibidad, at paggalang sa kapakanan at karapatan ng lahat ng kalahok.

## IV. MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga resulta ng isinagawang pagsusuri alinsunod sa mga layunin ng pagaaral. Ang presentasyon at talakayan ng mga datos ay nakaayos batay sa bawat katanungan sa Pahayag ng Suliranin upang matiyak ang malinaw na ugnayan ng layunin, metodo ng pagsusuri, at kinalabasan.

**Ano ang antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng SSHSP batay sa sumusunod na mga salik:**

**1.1 Pagtuturo**

Lalaki=4, Babae=30, Kabuoan = 34

| | Minimum | Maximum | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| Pahayag1 | 4 | 5 | 4.74 | .448 |
| Pahayag2 | 3 | 5 | 4.71 | .579 |
| Pahayag3 | 3 | 5 | 4.47 | .662 |
| Pahayag4 | 3 | 5 | 4.62 | .551 |
| Valid N (listwise) | | | | |

**Average Mean: 4.635**

Ipinakikita ng talahanayan 1.1 na ang kabuoang mean para sa kahandaan ng mga guro sa salik na pagtuturo ay 4.635. Nangangahulugan ito ng mataas na antas (strongly agree) ng kahandaan para sa nabanggit na salik.

1.2. Kasanayan

Lalaki=4, Babae=30, Kabuoan = 34

| | Minimum | Maximum | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| Pahayag5 | 3 | 5 | 4.62 | .652 |
| Pahayag6 | 3 | 5 | 4.50 | .707 |
| Pahayag7 | 3 | 5 | 4.47 | .563 |
| Pahayag8 | 3 | 5 | 4.44 | .660 |
| Valid N (listwise) | | | | |

**Average Mean: 4.5075**

Sa talahanayan 1.2, lumabas ang kabuoang mean na 4.5075. Nagpapakita rin ito ng mataas na antas (strongly agree) ng kasanayan sa implementasyon ng SSHSP.

1.3. Hamon

Lalaki=4, Babae=30, Kabuoan = 34

| | Minimum | Maximum | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| Pahayag9 | 2 | 5 | 4.12 | 1.066 |
| Pahayag10 | 3 | 5 | 4.12 | .880 |
| Pahayag11 | 1 | 5 | 3.74 | 1.189 |
| Pahayag12 | 2 | 5 | 3.79 | .914 |
| Valid N (listwise) | | | | |

**Average Mean: 3.9425**

Ipinakikita ng talahanayan 1.2 na ang kabuoang mean para sa kahandaan ng mga guro sa salik na hamon ay 3.9425. Nangangahulugan ito na handa (agree) ang mga guro sa nabanggit na salik.

### 1.4. Kurikulum

Lalaki=4, Babae=30, Kabuoan = 34

**Average Mean: 4.33**

Sa talahanayan 1.2, lumabas ang kabuoang mean na 4.33. Nagpapakita rin ito ng mataas na antas (strongly agree) ng kahnadaan sa implementasyon ng SSHSP sa salik na Kurikulum.

2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan ng mga guro kapag inuri ayon sa mga demograpikong katangian gaya ng:

**2.1 Edad**

**ANOVA**

| | | Sum of Squares | df | Mean Square | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pahayag1 | Between Groups | .018 | 1 | .018 | .086 | .772 |
| Pahayag2 | Within Groups | 6.600 | 32 | .206 | | |
| | Total | 6.618 | 33 | | | |
| | Between Groups | .000 | 1 | .000 | .001 | .970 |
| | Within Groups | 11.058 | 32 | .346 | | |
| | Total | 11.059 | 33 | | | |
| Pahayag3 | Between Groups | .012 | 1 | .012 | .027 | .870 |
| | Within Groups | 14.458 | 32 | .452 | | |
| | Total | 14.471 | 33 | | | |
| Pahayag4 | Between Groups | .004 | 1 | .004 | .014 | .906 |
| | Within Groups | 10.025 | 32 | .313 | | |
| | Total | 0.029 .096 | 33 1 | | | |
| Pahayag5 | Between Groups | | | .096 | .221 | .642 |
| | Within Groups | 13.933 | 32 | .435 | | |
| | Total | 14.029 | 33 | | | |
| Pahayag6 | Between Groups | .000 | 1 | .000 | .000 | 1.000 |
| | Within Groups | 16.500 | 32 | .516 | | |
| | Total | 16.500 | 33 | | | .848 |
| Pahayag7 | Between Groups | .012 | 1 | .012 | .037 | |
| | Within Groups | 10.458 | 32 | .327 | | |
| | Total | 10.471 | 33 | | | .743 |
| | Between Groups | .049 | 1 | .049 | .109 | |
| Pahayag8 | Within Groups | 14.333 | 32 | .448 | | |
| | Total | 14.382 | 33 | | | .776 |
| Pahayag9 | Between Groups | .096 | 1 | .096 | .082 | .730 |
| Pahayag10 | Within Groups | 37.433 | 32 | 1.170 | | |
| | Total | 37.529 | 33 | | | |
| | Between Groups | .096 | 1 | .096 | .121 | |
| | Within Groups | 25.433 | 32 | .795 | | |
| | Total | 25.529 | 33 | | | |
| Pahayag11 | Between Groups | 1.884 | 1 | 1.884 | 1.348 | .254 |
| | Within Groups | 44.733 | 32 | 1.398 | | |
| | Total | 46.618 | 33 | | | |
| Pahayag12 | Between Groups | .600 | 1 | .600 | .713 | .405 |
| | Within Groups | 26.958 | 32 | .842 | | |
| | Total | 27.559 | 33 | | | |
| Pahayag13 | Between Groups | .096 | 1 | .096 | .221 | .642 |
| | Within Groups | 13.933 | 32 | .435 | | |
| | Total | 14.029 | 33 | | | |
| | Between Groups | .671 | 1 | .671 | 1.237 | .274 |
| Pahayag14 | Within Groups | 17.358 | 32 | .542 | | |
| | Total | 8.029 .412 | 33 1 | | | |
| | Between Groups | | | .412 | .462 | .502 |
| Pahayag15 | | | | | | |
| | Within Groups | 28.558 | 32 | .892 | | .728 |
| | Total | 8.971 .071 | 33 1 | | | |
| | Between Groups | | | .071 | .123 | |
| Pahayag16 | | | | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Within Groups | 18.400 | 32 | .575 | | |
| | Total | 18.471 | 33 | | | |

Matapos pagpangkatin ang mga edad sa dalawa (Pangkat 1 - edad 20-30) at (Pangkat 2 – edad 3140), ginamit ang One-Way ANOVA upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kahandaan sa implementasyon ng SSHSP base sa edad. Napagkaalamang **wala itong makabuluhang pagkakaiba**.
Mapapansin sa lahat ng pahayag ang P-value na mahigit sa .05.

**2.2 Kasarian**

| | | Levene's Test for Equality of Variances | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | F | Sig. | t | df | Sig. (2-tailed) |
| Pahayag1 | Equal variances assumed | 19.765 | .000 | 1.270 | 32 | .213 |
| | Equal variances not assumed | | | 3.525 | 29.000 | .001 |
| Pahayag2 | Equal variances assumed Equal | 7.721 | .009 | 1.085 | 32 | .286 |
| | variances not assumed Equal variances assumed | 2.292 | .140 | 3.010<br>.896<br>1.135<br>.505 | 29.000<br>32<br>627 32 | .005<br>.377<br>.312<br>.617 |
| Pahayag3 | Equal variances not assumed Equal variances assumed Equal variances not assumed | | .289 | | | |
| | | 1.161 | | | | |
| Pahayag4 | Equal variances assumed Equal variances not assumed | | | | | |
| | | | | .555 | 4.089 | .608 |
| Pahayag5 | | 11.248 | .002 | 1.260<br>3.496 | 32<br>29.000 | .217<br>.002 |
| Pahayag6 | Equal variances assumed Equal variances not | 2.356 | .135 | .748 | 32 | .460 |
| | assumed | | | 1.000 | 4.908 | .364 |
| Pahayag7 | Equal variances assumed Equal variances not | .134 | .716 | .109 | 32 | .913 |
| | assumed | | | .109 | 3.828 | .919 |
| Pahayag8 | Equal variances assumed Equal variances not | 1.641 | .209 | -.611 | 32 | .546 |
| | assumed Equal variances | | | -.440 | 3.354 | .687 |
| Pahayag9 | assumed Equal variances not | 7.398 | .010 | 1.823 | 32 | .078 |
| | assumed Equal variances | | | 5.058 | 29.000 | .000 |
| Pahayag10 | assumed Equal variances not assumed | 10.353 | .003 | 2.266<br>6.289 | 32<br>29.000 | .030<br>.000 |
| Pahayag11 | Equal variances assumed Equal | 1.703 | .201 | .026 | 32 | .979 |
| | variances not assumed Equal variances | 2.556 | .120 | .017<br>1.064 | 282 32 | .987<br>.295 |
| Pahayag12 | assumed Equal variances not | | | | | |
| | assumed | | | 1.701 | 6.384 | .137 |
| Pahayag13 | Equal variances | .377 | .543 | .379 | 32 | .707 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pahayag14 | assumed Equal<br>variances not assumed<br>Equal variances assumed<br>Equal variances not assumed | 2.989 | .093 | .425<br>-.376<br>-.523 | 4.155<br>32<br>5.145 | .692<br>.709<br>.623 |
| Pahayag15 | Equal variances assumed<br>Equal variances not | 1.142 | .293 | -.066 | 32 | .948 |
| | assumed | | | -.046 | 3.324 | .966 |
| Pahayag16 | Equal variances assumed | 3.111 | .087 | -2.368 | 32 | .024 |
| | Equal variances not assumed | | | -1.382 | 3.194 | .256 |

**Sig. 0.178**

Gamit ang Independent Samples Test, makikita sa talahanayan 2.2 na **walang makabuluhang pagkakaiba** sa kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng SSHSP base sa kasarian. Mayroon itong pangkalahatang P-value na 0.178.

### 2.3 Haba ng Karanasan sa Pagtuturo

**ANOVA**

| | | Sum of Squares | df | Mean Square | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pahayag1 | Between Groups | .022 | 1 | .022 | .107 | .746 |
| | Within Groups | 6.596 | 32 | .206 | | |
| | Total | 6.618 | 33 | | | |
| Pahayag2 | Between Groups<br>Within Groups | .063<br>10.996 | 1<br>32 | .063<br>.344 | .184 | .671 |
| | Total | 11.059 | 33 | | | |
| Pahayag3 | Between Groups | .008 | 1 | .008 | .019 | .893 |
| | Within Groups | 14.462 | 32 | .452 | | |
| | Total | 14.471 | 33 | | | .700 |
| Pahayag4 | Between Groups<br>Within Groups | .047<br>9.982 | 1<br>32 | .047<br>.312 | .151 | |
| | Total | 10.029 | 33 | | | |
| Pahayag5 | Between Groups | .029 | 1 | .029 | .067 | .797 |
| | Within Groups | 14.000 | 32 | .437 | | |
| Pahayag6 | Total | 14.029 | 33 | | | |
| | Between Groups | .038 | 1 | .038 | .073 | .788 |
| | Within Groups | 16.462 | 32 | .514 | | |
| | Total | 16.500 | 33 | | | |
| Pahayag7 | Between Groups<br>Within Groups | .008<br>10.462 | 1<br>32 | .008<br>.327 | .026 | .874 |
| | Total<br>Between Groups | 10.471<br>.000 | 33<br>1 | .000 | .000 | .986 |
| Pahayag8 | Within Groups | 14.382 | 32 | .449 | | |
| | Total<br>Between Groups | 4.382 .641 | 33 1 | .641 | .556 | .461 |
| Pahayag9 | Within Groups | 36.889 | 32 | 1.153 | | |
| | Total | 37.529 | 33 | | | .980 |
| Pahayag10 | Between Groups<br>Within Groups | .001<br>25.529 | 1<br>32 | .001<br>.798 | .001 | |
| | Total | 25.529 | 33 | | | |
| Pahayag11 | Between Groups | .022 | 1 | .022 | .015 | .903 |
| | Within Groups | 46.596 | 32 | 1.456 | | |
| | Total | 46.618 | 33 | | | |
| Pahayag12 | Between Groups | .110 | 1 | .110 | .128 | .723 |
| | Within Groups | 27.449 | 32 | .858 | | |
| | Total | 27.559 | 33 | | | |
| Pahayag13 | Between Groups | .314 | 1 | .314 | .732 | .399 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Within Groups | 13.716 | 32 | .429 | | |
| | Total | 14.029 | 33 | | | |
| Pahayag14 | Between Groups | .367 | 1 | .367 | .665 | .421 |
| | Within Groups | 17.662 | 32 | .552 | | |
| | Total | 18.029 | 33 | | | |
| Pahayag15 | Between Groups | .455 | 1 | .455 | .511 | .480 |
| | Within Groups | 28.516 | 32 | .891 | | |
| | Total | 28.971 | 33 | | | |
| Pahayag16 | Between Groups | .088 | 1 | .088 | .154 | .698 |
| | Within Groups | 18.382 | 32 | .574 | | |
| | Total | 18.471 | 33 | | | |

Matapos pagpangkatin ang haba ng karanasan sa pagtuturo sa dalawa (Pangkat 1 – 0 - 5 taon) at (Pangkat 2 – 6-10 taon), ginamit ang One-Way ANOVA upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kahandaan sa implementasyon ng SSHSP base sa haba ng karanasan sa pagtuturo. Lumabas na **wala itong makabuluhang pagkakaiba**. Mapapansin sa lahat ng pahayag ang P-value na mahigit sa .05.

**2.4 Asignaturang Tinuturuan**

**ANOVA**

| | | Sum of Squares | df | Mean Square | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pahayag1** | Between Groups | 1.118 | 10 | .112 | .467 | .894 |
| | Within Groups | 5.500 | 23 | .239 | | |
| | Total | 6.618 | 33 | | | |
| **Pahayag2** | Between Groups | 2.559 | 10 | .256 | .692 | .721 |
| | Within Groups | 8.500 | 23 | .370 | | |
| | Total | 11.059 | 33 | | | |
| **Pahayag3** | Between Groups | 2.721 | 10 | .272 | .533 | .849 |
| | Within Groups | 11.750 | 23 | .511 | | |
| | Total | 14.471 | 33 | | | |
| **Pahayag4** | Between Groups | 1.613 | 10 | .161 | .441 | .910 |
| | Within Groups | 8.417 | 23 | .366 | | |
| | Total | 10.029 | 33 | | | |
| **Pahayag5** | Between Groups | 2.779 | 10 | .278 | .568 | .823 |
| | Within Groups | 11.250 | 23 | .489 | | |
| | Total | 14.029 | 33 | | | |
| **Pahayag6** | Between Groups | 2.250 | 10 | .225 | .363 | .950 |
| | Within Groups | 14.250 | 23 | .620 | | |
| | Total | 16.500 | 33 | | | |
| **Pahayag7** | Between Groups | 1.137 | 10 | .114 | .280 | .979 |
| | Within Groups | 9.333 | 23 | .406 | | |
| | Total | 10.471 | 33 | | | |
| **Pahayag8** | Between Groups | .966 | 10 | .097 | .166 | .997 |
| | Within Groups | 13.417 | 23 | .583 | | |
| | Total | 14.382 | 33 | | | |
| **Pahayag9** | Between Groups | 13.279 | 10 | 1.328 | 1.259 | .308 |
| | Within Groups | 24.250 | 23 | 1.054 | | |
| | Total | 37.529 | 33 | | | |
| **Pahayag10** | Between Groups | 8.113 | 10 | .811 | 1.071 | .421 |
| | Within Groups | 17.417 | 23 | .757 | | |
| | Total | 25.529 | 33 | | | |
| **Pahayag11** | Between Groups | 11.701 | 10 | 1.170 | .771 | .655 |
| | Within Groups | 34.917 | 23 | 1.518 | | |
| | Total | 46.618 | 33 | | | |
| **Pahayag12** | Between Groups | 10.309 | 10 | 1.031 | 1.375 | .253 |
| | Within Groups | 17.250 | 23 | .750 | | |
| | Total | 27.559 | 33 | | | |
| **Pahayag13** | Between Groups | 3.196 | 10 | .320 | .679 | .733 |
| | Within Groups | 10.833 | 23 | .471 | | |
| | Total | 14.029 | 33 | | | |
| **Pahayag14** | Between Groups | 1.946 | 10 | .195 | .278 | .980 |
| | Within Groups | 16.083 | 23 | .699 | | |
| | Total | 18.029 4.971 | 33 | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pahayag15** | Between Groups | | 10 | .497 | .476 | .888 |
| | Within Groups | 24.000 | 23 | 1.043 | | |
| | Total | 28.971 | 33 | | | |
| **Pahayag16** | Between Groups | 4.304 | 10 | .430 | .699 | .716 |
| | Within Groups | 14.167 | 23 | .616 | | |
| | Total | 18.471 | 33 | | | |

Gamit ang One-Way ANOVA, makikita sa talahanayan 2.4 na **walang makabuluhang pagkakaiba** sa kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng SSHSP base sa asignaturang tinuturuan. Mayroon itong pangkalahatang P-value na mahigit sa 0.05 sa lahat ng pahayag ng sarbey.

## IV. TALAKAYAN

Batay sa pangkalahatang pagsusuri ng mga datos, ipinakikita ng pag-aaral na ang antas ng kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng programa ay nasa katamtaman hanggang mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kaalaman, kasanayan, at saloobin upang maisakatuparan ang mga inaasahang tungkulin sa pagpapatupad ng programa. Gayunpaman, malinaw ring lumitaw na may mga aspekto ng implementasyon na nangangailangan pa ng higit na pagpapaigting, partikular sa larangan ng tuloy-tuloy na propesyonal na pagsasanay, pagkakaroon ng sapat na kagamitang panturo, at malinaw na mekanismo ng institusyonal na suporta.

Higit pa rito, ipinakita ng pag-aaral na ang kahandaan ng mga guro ay hindi lamang produkto ng kanilang indibidwal na kakayahan, kundi bunga rin ng mas malawak na kontekstong institusyonal kung saan sila kabilang. Ipinahihiwatig ng natuklasan na ang sistematikong suporta mula sa pamunuan at ang kalidad ng mga programang pangkaunlaran ay may mahalagang papel sa matagumpay na implementasyon ng mga repormang pang-edukasyon. Samakatuwid, ang epektibong pagpapatupad ng programa ay nangangailangan ng komprehensibong estratehiya na isinasaalang-alang ang parehong personal at institusyonal na salik.

## V. KONKLUSYON

Batay sa kabuuang resulta ng pag-aaral, malinaw na ipinakikita na ang mga guro ay may sapat na antas ng kahandaan sa implementasyon ng programa, bagama't hindi ito ganap na pantay sa lahat ng dimensyon. Ang katamtaman hanggang mataas na antas ng kahandaan ay nagpapahiwatig na may umiiral nang pundasyong kaalaman, kasanayan, at saloobin ang mga guro na mahalaga sa matagumpay na pagpapatupad ng mga repormang pang-edukasyon. Gayunpaman, ipinapakita rin ng pag-aaral na ang kahandaang ito ay hindi pa lubos na optimal at nangangailangan ng patuloy na pagpapaunlad upang matiyak ang kalidad at sustenabilidad ng implementasyon.

Ipinakikita ng mga natuklasan na ang kahandaan ng mga guro ay hindi isang nakapirming katangian, kundi isang dinamikong proseso na patuloy na hinuhubog ng karanasan, pagsasanay, at institusyonal na konteksto. Sa ganitong pananaw, malinaw na ang indibidwal na kakayahan ng guro ay hindi sapat kung walang kaakibat na sistematikong suporta mula sa pamunuan at ng mas malawak na estruktura ng edukasyon. Ang pag-aaral ay nagbibigay-diin na ang epektibong implementasyon ng programa ay nakasalalay sa balanseng ugnayan ng personal na kahandaan at organisadong mekanismo ng suporta. Higit pa rito, binibigyang-linaw ng pag-aaral na ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng kanilang kahandaan. Ang kakulangan sa tuloy-tuloy na pagsasanay, sapat na kagamitang panturo, at malinaw na patnubay sa implementasyon ay maaaring magpahina sa potensyal ng kahit na may karanasang guro. Sa kabaligtaran, ang pagkakaroon ng malinaw na direksyon, maayos na pamamahala, at suportibong kapaligirang pang-institusyonal ay nakapagpapataas ng kumpiyansa at kakayahan ng mga guro na maisakatuparan ang mga layunin ng programa.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang kahandaan ng mga guro ay isang mahalagang salik sa tagumpay ng anumang programang pang-edukasyon, ngunit ito ay dapat tingnan bilang kolektibong pananagutan ng indibidwal, paaralan, at ng sistemang pang-edukasyon. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng mahahalagang implikasyon sa patakaran at praktis, at maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mas angkop, inklusibo, at sustenableng mga estratehiya para sa pagpapaunlad ng guro at pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod na hakbang upang higit pang mapabuti ang kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng Strengthened Senior High School Program (SSHSP) at masiguro ang mataas na kalidad ng edukasyon:

1. **Pagpapatupad ng Sustenableng Professional Development Programs**

Mahalagang isagawa ang regular at sistematikong pagsasanay para sa mga guro, na nakatuon hindi

lamang sa pedagogical skills kundi pati sa content mastery, integrasyon ng teknolohiya, at assessment practices na naaayon sa 21st-century learning. Ang mga training program ay dapat maging accessible, praktikal, at nakaangkla sa aktwal na karanasan ng mga guro sa classroom. Dapat ding bigyang-diin ang mentoring, peer coaching, at reflective practices bilang bahagi ng professional development upang mapalalim ang kanilang kaalaman at mapalakas ang self-efficacy.

2. **Pagtitiyak ng Sapat at Makabagong Kagamitang Panturo**

Upang masiguro ang epektibong implementasyon ng SSHSP, kailangan ang tamang alokasyon ng mga learning resources tulad ng updated learning modules, laboratory equipment, ICT tools, at access sa e-learning platforms. Ang pamahalaan at paaralan ay dapat magsagawa ng regular na assessment ng pangangailangan sa kagamitan at tiyakin na ito ay naaayon sa partikular na track at strand ng SHS. Ang sapat at napapanahong suporta sa materyales ay direktang nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

3. **Pagpapalakas ng Institusyonal na Suporta at Administrative Guidance**

Ang mga guro ay mas handa at may kumpiyansa sa kanilang tungkulin kapag may malinaw na gabay at suporta mula sa pamunuan. Inirerekomenda ang pagbuo ng malinaw na polisiya, guidelines, at monitoring mechanisms na nakatuon sa implementasyon ng SSHSP. Dapat ring maging bukas ang komunikasyon sa pagitan ng administrasyon at mga guro upang mabilis na matugunan ang anumang suliranin at hamon sa pagtuturo.

4. **Pagpapalawak ng Teknolohikal na Kakayahan ng mga Guro**

Dahil sa digital shift at integration ng ICT sa kurikulum, mahalagang palakasin ang digital literacy ng mga guro. Inirerekomenda ang regular na training sa paggamit ng Learning Management Systems (LMS), online collaborative tools, at iba pang e-learning platforms upang maging handa ang mga guro sa hybrid o online learning environments. Ang ganitong kapasidad ay magpapalakas ng kanilang adaptabilidad at kahandaan sa mga pagbabago sa edukasyon.

5. **Pagbuo ng Collaborative Networks at Communities of Practice**

Ang pagtataguyod ng peer learning, professional learning communities, at inter-school collaborations ay makatutulong sa pagpapalitan ng best practices, resources, at solusyon sa mga hamon sa implementasyon. Ang ganitong kolaborasyon ay hindi lamang nagpapataas ng kahandaan ng guro kundi nagtataguyod din ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa kabuuan ng paaralan.

6. **Paglalapat ng Monitoring at Evaluation Mechanisms**

Inirerekomenda ang regular na pagsusuri at pagtataya ng antas ng kahandaan ng guro, pati na rin
ang epektibo ng implementasyon ng SSHSP. Ang monitoring ay dapat sumaklaw sa tatlong dimensyon: indibidwal na performance, institusyonal na suporta, at kalidad ng resources. Ang ganitong mekanismo ay makakatulong sa maagang pagtukoy ng gaps at sa pagpaplano ng corrective interventions.

7. **Polisiya at Sistematikong Suporta mula sa Department of Education**

Mahalaga rin ang aktibong papel ng DepEd sa pagbibigay ng guidelines, pondo, at policy support para sa sustainable implementation ng SSHSP. Inirerekomenda ang mas malawak na suporta sa inservice training, research-based strategies, at pagbibigay ng insentibo para sa guro na aktibong nakikilahok sa pagpapabuti ng implementasyon. Ang holistic na approach ng ahensya ay makapagpapaigting sa kakayahan ng guro at sa kalidad ng edukasyon sa kabuuan.

Sa kabuuan, ang mga rekomendasyong ito ay naglalayong lumikha ng komprehensibo, inklusibo, at sustenableng framework para sa pagpapaunlad ng kahandaan ng mga guro. Sa pamamagitan ng sabayang pagpapaunlad ng personal na kakayahan ng guro, institusyonal na suporta, sapat na kagamitan, at polisiya ng ahensya, inaasahang magiging mas matagumpay ang implementasyon ng SSHSP at mas mataas ang kalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral ng Senior High School

## MGA SANGGUNIAN:


[1] Ajzen, I. (1991). *The theory of planned behavior*. *Organizational Behavior and Human Decision Processes, 50*(2), 179–211.

[2] Bandura, A. (1997). *Self-efficacy: The exercise of control*. W. H. Freeman.

[3] Basilio, M. (2021). *Digital literacy challenges among senior high school teachers: Post-pandemic observations*. *Journal of Educational Technology and Innovation, 5*(1), 45–59.

[4] Commission on Higher Education. (2021). *CHED policy on 21st century competencies in basic and higher education*. CHED.

[5] Department of Education. (2023). *Strengthened Senior High School Program: Policy guidelines and implementation framework*. DepEd.

[6] Dizon, L. (2022). *Professional development needs of senior high school teachers in curriculum alignment and digital pedagogy*. *Philippine Journal of Teacher Education, 11*(3), 98–114.

[7] Mendoza, J. (2020). *Examining the preparedness of SHS teachers for specialized tracks in senior high school*. *Asia Pacific Educational Review, 21*(2), 210–225.

[8] Mateo, R. (2022). *Assessment practices in senior high school: Teacher perceptions and challenges*.

[9] *Education Assessment Quarterly, 14*(1), 77–93.

[10] Ornstein, A. C., & Hunkins, F. P. (2018). *Curriculum: Foundations, principles, and issues* (7th ed.). Pearson.

[11] Ramos, P., & Cruz, A. (2021). *Workload stress and burnout among senior high school teachers in selected public schools*. *Philippine Journal of Educational Psychology, 8*(2), 131–148.

[12] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. *Webology,* 15 (1).

[13] Saavedra, A., Alejandro, W. & Espinosa, R. (2022). Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic. *International Journal of Health Sciences*, 4211-4221.

[14] Saavedra, A. & Karanain (2022). Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. *Journal of Language and Linguistics* 10 (1), 40-46

[15] Banua, E., Saavedra, A., Ajibon, R., Aukasa, F., Muhajil, S. & Najam, H. (2022). Evaluating teachers'teaching performance: as basis for mentoring and technical support *NeuroQuantology* 20 (13), 896

[16] Santos, E., & Lopez, J. (2021). *Teacher readiness and school support in senior high school implementation*. *International Journal of Educational Development, 42*(4), 304–319.

[17] SEAMEO INNOTECH. (2020). *Teaching resources and instructional material gaps in the K–12 senior high school curriculum*. SEAMEO INNOTECH.

[18] Slovin, P. (1960). *Introduction to sampling theory*. Harper & Row.

[19] Cochran, W. G. (1977). *Sampling techniques* (3rd ed.). John Wiley & Sons.